



Republic of the Philippines  
Department of Education  
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City

# **MATATAG CURRICULUM**

**MAKABANSA  
GRADES 1-3**

## Rasyonal

Ang pangunahing layunin ng programang K to 12 ay makahubog ng holistikong Pilipinong mag-aaral na mayroong ika-21 siglong kasanayan. Kaakibat ng holistikong pagkahubog ng mga mag-aaral ay ang pagkakaroon ng isang matatag na pag-unawa at pagpapahalaga sa sarili at kultura.

Kaughay nito, binuo ang bagong asignaturang Makabansa sa unang susing yugto pagkatuto. Sa pamamagitan nito, makapaglalaan ng dagdag na panahon at oras sa mga mag-aaral at guro upang higit na pagtuunan ng pansiin ang kakayahang panliterasi tulad ng pag-unawa sa binabasa (reading comprehension) na isa sa itinuturong dahilan sa mababang kalidad ng pagkatuto ng marami sa mga Pilipinong mag-aaral (Estacio, 2013). Patunay dito ang mababang iskor na nakuha ng Pilipinas sa iba't ibang pagtatayang pang-internasyonal tulad ng Programme for International Student Assessment (PISA) at Southeast Asia Primary Learning Metrics (SEA-PLM).

Ayon sa ulat ni Cristobal (2015), 1.2 milyong Pilipino na may edad lima hanggang labing-limang taon ang sinasabing may limitadong kakayahang panliterasi dahil sa sila ay nahinto sa pag-aaral. Hindi rin maikakaila ang patuloy na bumababang kakayahang ng mga bata sa pagbabasa mula sa ilang malalayong lugar sa Mindanao (Balinas et al, 2017). Lumalabas sa mga pag-aaral at literatura na ang mabisang integrasyon ng nilalaman, tema, konsepto, kasanayan mula sa iba't ibang mga asignatura ay nagdudulot ng makahulugan at makabuluhang pagkatuto sa mga mag-aaral (Costley, 2015; Mustafa, 2011; Harell, 2010).

Sa katunayan, binigyang-diin ni Loeppe (1999) na ang integrasyon ay maaaring magbunga ng higit na matalinong pag-uusisa (intellectual curiosity), higit na interes sa pag-aaral, mas mahusay na pagtugon sa mga suliranin (problem solving), at mataas na pang-akademikong tagumpay. Mayroong tatlong dahilan sa paggamit ng integrated na kurikulum ayon sa pananaliksik. Ito ay a) mas makabubuo ng mga ugnayan ang mga guro at mag-aaral, b) mas kasiya-siya at may kaugnayan sa buhay ng mga mag-aaral ang pagkatuto sa mga paks, at c) naitutulay at naiuugnay ang mga tradisyunal na larangang pang akademiko sa mga mag-aaral at komunidad (Costley, 2015).

Kaughay nito, ang Araling Panlipunan at MAPEH ay bukas sa mga oportunidad ng transdisiplinaryong integrasyon. Pangunahing katangian ng interdisiplinaryong pagdulog ang a) pagtugon sa hamon at suliranin nakabatay sa nagbabagong reyalidad, b) umaangkop na metodolohiya, (evolving methodology) at kolaborasyong disiplinal. (Russel, A.W. et al. , 2007)

Sa pagbubuo ng nilalaman, paksa, at tema ng Makabansa, nagkaroon ng kolaborasyon ang mga content experts, curriculum specialists, instructional implementers, at leaders upang tugunan ang layuning makahubog ng mga mag-aaral na mayroong pag-unawa sa sarili at kultural na kamalayan, kasanayan upang maging malusog at malikhain, at may kakayahang makipag-ugnayan sa kapwa at pamayanan. Makatutulong ito sa pagresolba ng curriculum congestion na isa sa itinuturong dahilan sa mababang kalidad ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

### **Mga Layunin ng Pagpapakilala sa Makabansa**

Pangunahing layunin ng Makabansa na makahubog ng mag-aaral na mayroong pag-unawa sa sarili at kultural na kamalayan, kasanayan upang maging malusog at malikhain, at may kakayahang makipag-ugnayan sa kapwa at pamayanan. Partikular na layunin ng Makabansa na makamit ang mga sumusunod:

1. Mapalakas ang pundasyon ng mga mag-aaral sa pagbuo ng kanilang pagkakilanlan bilang isang tao at Pilipino;
2. Mapalakas ang pundasyon ng mga mag-aaral sa kakayahang paggalaw, pangkalusugan at malikhaing pagpapahayag ng kanilang damdamin; at
4. Mapaigting ang pundasyong panliterasi ng mag-aaral.

### **Proseso sa Pagbuo ng Makabansa**

Sa pagbuo ng Makabansa bilang isang erya ng pagkatuto, isinaalang-alang ang mga sumusunod na proseso. Pagsangguni sa iba't ibang pag-aaral at literatura ukol sa integrasyon sa kurikulum. Nauunawaan ng Kagawaran ng Edukasyon ang kahalagahan ng integrasyon ng kurikulum upang mas mapabuti ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ayon kina Watkins at Kritsonis (2011) nagbibigay ang integrated na kurikulum ng oportunidad na makita ng mga mag-aaral ang kahulugan at layunin ng mga paksa at kagamitang pampagkatuto. Ang mga mag-aaral ay nagkakaroon din ng mas malalim na pang-unawa sa mga kagamitang nabanggit.

Ayon kay Harell (2010) na binanggit ni (Costley, 2015) mayroong apat na paraan ng pagsasama-sama ng kurikulum. Pinagsasama-sama ng Fusion ang dalawang magkahiwalay na disciplina. Ang Incorporation ay nagdaragdag ng isang elemento ng kurikulum at isa pa. Ang Correlation ay gumagawa ng mga koneksyon sa pagitan ng dalawang magkaibang paksa. Ang Harmonization ay naglalagay ng iba't ibang elemento ng kurikulum na maaaring magtulungan at pag-isahin ang mga ito. Mayroon ding tatlong modelo ng integrasyon ng kurikulum: (1) interdisciplinary, (2) problem-based, at (3) theme-based (Mustafa, 2011).

Ayon kay (Soni, 2015), isang magandang katangian ng Early Childhood Care and Education (ECCE) ang paghikayat sa mga bata sa iba't ibang mga karanasan batay sa temang (theme-based) nagbibigay ng inspirasyon sa kanila upang saliksikin ang kanilang kapaligirang ginagalawan. Ang theme-based na mga programa ay lumilikha ng mga gawain at karanasan sa paligid ng isang ideya

o tema na nag-aalok ng maraming pagkakataon kung saan natututo ang mga bata sa kapaligiran na nakapagpapasigla, emosyonal na sumusuporta at nagsasangkot.

Hinuhubog ng theme-based na pagkatuto ang pangkabuoang pag-unlad sa bawat bata at binibigyang kapangyarihan sila na gamitin ang kanilang mga kakayahan upang maging matagumpay na mga mag-aaral. Ang pag-aaral sa pamamagitan ng mga tema ay tumutulong sa mga maliliit na bata na kumonekta sa kanilang agarang mundo at iugnay din ang pag-aaral sa silid-aranan sa kanilang buhay sa tahanan at sa pamayanan.

Bilang karagdagan, ayon kay Sulaiman (2022) ang Correlated na kurikulum ay ay isang istilo ng pag-aayos ng kurikulum na nagbibigay-diin sa mga natatanging aspeto ng bawat larangan ng pag-aaral habang nagpapakita ng mga ugnayan sa mga disiplina. Ang mga sumusunod ay ang benepisyo ng Correlated na kurilum: 1) Ang kaalaman ng mga mag-aaral ay pinahusay sa pamamagitan ng ugnayan. Kaya, ang kanilang impormasyon ay hindi magkahiwalay ngunit magkakaugnay; 2) Kapag nakilala ng mag-aaral ang ugnayan sa pagitan ng mga paksa, lumalago ang kanyang interes; 3) Kapag ang mga paliwanag ay nakuha mula sa iba pang mga disiplina, ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa isang konsepto ay pinahuhusay; 4) Pinapadali ng ugnayan ang mas malaking pang-unawa dahil ang mga pananaw ay natanggap mula sa ilang mga pananaw at hindi lamang sa isang isyu; 5) Ang ugnayan ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na mas epektibong mailapat ang kanilang impormasyon; at 6) Ang koneksyon o ugnayan sa pagitan ng mga paksa ay nagbibigay-diin sa pag-unawa at mga prinsipyo.

Batay sa mga nabanggit, ginamit ang paraan ng Correlation at theme-based model sa pagbuo ng Makabansa bilang isang integrated na aspeto ng pagkatuto/kurikulum. Nagkaroon ng content analysis sa mga dokumento mula sa mga asignatura ng Araling Panlipunan at MAPEH at ginamit ang Correlation at theme-based model para hanapin ang mga natatanging aspeto ng dalawang asignaturang nabanggit.

## Balangkas ng Kurikulum



Ipinapakita ng larawan ang balangkas para sa Makabansa kung saan ang nasa sentro nito ay isang Aktibong Mag-aaral. Ito ay sumasalamin sa adhikain ng Kagawaran ng Edukasyon na gawing sentro ang mga mag-aaral sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

Sa labas ng sentro ng balangkas ay tatlong layer na kinapalolooban ng iba't-ibang konsepto ukol sa asignaturang Makabansa. Makikita na sa pinakalabas na layer ay ang katagang “Holistikong Pilipinong Mag-aaral na mayroong ika-21 Siglong Mga Kasanayan”. Ito ang pangunahing naisin ng K to 12 Kurikulum sa kabuuhan.

Sa pangalawang layer ay ang mga ideya ng pagkamalikhain, pakikipag-ugnayan, pagkamalusog, at pagkakilanlan. Ang mga ito ang minimithi na maibahagi at mahubog sa mag-aaral sa pamamagitan ng kurikulum ng Makabansa sa pamamagitan ng pag-aaral at pagtalakay ng mga disiplina sa Sining at Kultura, Sibika, Kasaysayan, at Kagalingang Pangkatawan.

## **A. Batayang Teoretikal, Pilosopikal, at Konseptuwal**

Ang mga sumusunod ang nagsilbing batayan na sinundan sa pagbuo at pagsasaayos ng kurikulum para sa Makabansa.

### **1. Brain-based Learning Theory**

Ito ay isang paradigm ng pag-aaral na tumutugon sa pagkatuto ng mga mag-aaral na resulta ng iba't ibang proseso na nagaganap sa utak/isip ng isang indibidwal. Gumagamit ito ng mga tiyak na estratehiya para sa pag-aaral na nakadisenyo batay sa kung paano gumagana ang atensyon ng tao, memorya, pagganyak, at pagkuha ng kaalaman sa konsepto. Kaya naman, nararapat na hikayatin ang mga mag-aaral na kumain ng masusustansyang pagkain at magsagawa ng regular na pag-ehersisyo- dalawang salik na nagpapahusay sa kalusugan ng utak.

### **2. Ecological Systems Theory**

Mahalaga sa pananaw na ito ang impluwensya ng kapaligirang panlipunan sa pag-unlad ng tao. Ipinaliliwanag ng teoryang ito kung paanong naaapektuhan ng kapaligirang panlipunan ang pag-unlad ng bata at paano nito hinuhubog o naiimpluwensyahan ang bawat aspeto ng buhay.

### **3. Social Constructivism**

Pinaniniwalaan ng teoryang ito na ang isang indibidwal ay aktibong lumilikha ng kahulugan at maging kaalaman mula sa kanyang karanasan. (Fosnot, 1996; Steffe & Gale, 1995; Adams, 2006) Itinuturing nito na ang indibidwal ay aktibo at progresibong lumilikha ng kahulugan at hindi lamang tumatanggap ng iba't ibang uri ng stimulus mula sa kanyang pakikipag-ugyanan sa kapwa at kapaligiran.

### **4. Kultura bilang paglikha ng kahulugan (Culture as Meaning-Making)**

Ang kultura, ayon kay Geertz ay sistemang minana na ipinahayag sa simbolikong mga anyo kung saan ang mga ito ay naibabahagi, naipananatili at napauunlad. Tungkulin ng kultura na magbigay ng kahulugan sa mundo na tutulong sa mga mag-aaral na maunawaan ang proseso ng pagkatuto. Ang theoretical anchor na ito ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na magpahayag nang malikhain sa kanilang mga likha na bunga ng pagkatuto.

## **Istruktura ng Kurikulum ng Makabansa**

### **A. Pangunahing Ideya**

Bilang isang transdisiplinaryong asignatura na may mithiing palakasin ang multiliterasi ng mga mag-aaral sa Sibika, Sining, Kultura, Kasaysayan, at Kagalingang Pangkalusugan, ang mga sumusunod ay naging batayan sa pagbuo ng mga malalaking pag-unawa ayon kina McTighe at Wiggins (2004):

- a. Nagsisilbing pundasyon ng pamantayan sa kurikulum ang mga pangunahing ideya. Sumasaklaw ang mga pangunahing ideya sa mga pangunahing konsepto, prinsipy, teorya, at proseso na nagsisilbing focal point sa kurikulum, pagtuturo, at pagtatasa. Sumasalamin sa dalubhasang pag-unawa at nakaangkla sa diskurso, mga tanong, pagtuklas, at mga argumento sa isang larangan ng pag-aaral ang mga pangunahing ideya. Batayan ito sa paglalapat ng mga priyoridad sa kurikulum upang makapagbigay ng pokus sa mga pinakamakabuluhang nilalaman.
- b. Ikinokonekta ng mga pangunahing ideya ang pagkatuto ng kaalaman at kasanayan sa isang mas malaking intelektwal na frame at nagtutulay sa pag-uugnay ng mga partikular na katotohanan at kasanayan.
- c. Ang mga ito ay kumakatawan sa mga naililipat na ideya, naaangkop sa ibang paksa, pagtatanong, konteksto, isyu, at problema.

Batay sa mga deskripsiyon ito, ang mga sumusunod ay ang mga partikular na pangunaing ideya ng Makabansa:

#### **1. Pansarili at Kultural na Pagkakakilanlan (Personal and Cultural Identities)**

Ang Pansarili at Kultural na Pagkakakilanlan ay tumutukoy sa pagkakakilanlan ng isang tao ukol sa kanyang lipunan (tahanan, paaralan, komunidad na kinabibilangan), bansa, at daigdig na hinuhubog ng interaksyon ng tao sa kanyang kapaligiran. Sa Malaking Pag-unawa na ito, inaasahan na makabubuo ang mag-aaral ng sariiling pagkakakilanlan bilang indibidwal at kabataang Pilipino, at maunawaan at mabigyang-galang ang iba't ibang kultura sa Pilipinas. Ang pagkakakilanlan bilang Pilipino ay batayan ng makabansang pananaw, na siyang tutulong sa pagbuo sa mas malawak na pananaw ukol sa daigdig.

**2. Tungkuling Pansibiko (Civic Responsibilities)**

Nakabatay ang kahusayang pansibiko sa pag-unawa sa papel na ginagampanan ng bawat isa bilang mamamayan at kasapi ng lipunan at sa pagkilala at pagtupad ng mga karapatan at tungkulin bilang tao at mamamayan. Pananagutan ng mamamayang isakatuparan ang kagalingang pansibiko sa pamamagitan ng pagbibigay sa mga ito ng pagkakataong makalahok sa gawaing pampolitika, pangkabuhayan, at pansosyo-kultural na inaasahang makapagpapabuti sa kalagayang panlahat.

**3. Wastong Gawing Pangkalusugan (Good Health Habits)**

Mahalagang magsimula sa murang edad ang mabuting gawing pangkalusugan. Ang mas maagang pagpapakilala nito ay makatutulong sa pagpapanatili at pagpapaunlad sa susunod na yugto ng pagkatuto. Nakatuon ang Makabansa sa pagsasakatuparan ng kalinisan ng ngipin, pagligo, paghuhugas ng kamay, pagkain ng mga masusustansyang pagkain, pag-inom ng tubig, pagkakaroon ng sapat na pahinga at pagtulog, pakikilahok sa mga masasayang pisikal na gawain, pagbabawas ng pagtutok sa gadget at telebisyon, paggugol ng oras sa pamilya at mga kaibigan, pagbuo ng malakas na kasanayan sa pagbabasa at pananatiling positibo. Ang pagpapanatili ng pinakamataas na antas ng wellness ng isang tao ay kritikal sa pagtaguyod ng kalidad ng buhay at pagkakaroon ng positibong pakikipag-ugnayan.

**4. Kakayahang Paggalaw (Movement Competencies)**

Ito ay tumutukoy sa kakayahang ng isang taong gumalaw batay sa kanyang pangangailangan. Ang pagkatuto at pag-unlad ng kakayahang sa paggalaw ay nagbibigay ng pangunahing pundasyon sa pisikal literasi. Ang kawalan ng kakayahang gumalaw sa murang edad ay maaaring magdulot ng suliraning pangkalusugan. Sa kabilang banda, nakatutulong ang pisikal na aktibidad o gawain sa pagpapabuti ng kalusugan ng isip (cognitive development).

**5. Malikhain at Masining na Kasanayan (Creative and Artistic Skills)**

Ito ay tumutukoy sa kakayahang magpahayag ng ideya, pananaw, at pagkaunawa gamit ang imahinasyon, karanasan, at galing bilang tugon ng isang indibidwal sa kanyang konteksto, kapaligiran, at iba pang salik.

Bilang karagdagan, sinusubukan nilang magmungkahi ng isang tunay at bagong disenyo, bumuo ng iba't ibang mga hypotheses, lutasin ang problema sa tulong ng pagtuklas at paghahanap ng mga bagong aplikasyon (Glass, 2004; Young & Balli, 2014) kung saan napagtanto ng bawat indibidwal ang kanyang mga kakulangan sa kaalaman at sinusubukang pag-ugnayin ang agwat na ito habang nakakakuha ng mga bagong pananaw sa pamamagitan ng pagtingin sa problema mula sa maraming pananaw sa tulong nang paggawa ng mga hindi pangkaraniwang koneksyon at pagkuha ng mga panganib batay sa kanilang mga ideya at opinyon upang makagawa ng mga alternatibong solusyon sa problema o sitwasyon nang may matinding pasensya at determinasyon.

**B. Pamantayan**

a. **Pamantayan sa Pagkatuto sa Erya**

Ang mag-aaral ay nakapagpapamalas ng pag-unawa sa sarili at kultural na kamalayan (consciousness) at kasanayan (skill) upang maging malusog, malikhain, at may kakayanang (ability) makipag-ugnayan sa kapwa at pamayanan.

b. **Grade Level Standards / Pamantayan sa Bawat Baitang**

1. Naipamamalas ang pag-unawa sa mga batayang konseptong pansarili at kultural na kamalayan at kasanayan sa pagkakaroon ng malusog na pangangatawan upang magampanan ang mga responsibilidad bilang kasapi ng kinabibilangang pamayanan.
2. Naipamamalas ang pag-unawa sa mga kaugnay na konseptong pansarili at kultural na kamalayan at kasanayan sa pagkakaroon ng malusog na pangangatawan upang mapahalagahan ang mga responsibilidad bilang aktibong kasapi ng kinabibilangang komunidad
3. Naipamamalas ang pag-unawa sa kahalagahan ng pansarili at kultural na kamalayan at kasanayan sa pagkakaroon ng malusog na pangangatawan upang mailapat ang mga responsibilidad ng isang aktibo at malikhain ang kasapi ng mas malawak na komunidad

**C. Pamamaraang Expanding Environment**

Kaiba sa mga asignatura ng K to 12 na gumagamit ng spiral progression bilang disenyo pangkurikulum, ang Makabansa ay isinaayos batay sa prinsipyong lumalawak na kapaligiran (expanding horizon/environment model) na madalas ginagamit sa panlipunang pag-aaral sa elementarya (Krahenbuhl, 2019; Ramli, 2009; Leming, Ellington, & Porter, 2003). Sinasabing ang lumalawak na kapaligiran ay umaangkop sa student-centered approach (Krahenbuhl, 2019). Nakatuon ito sa pang-araw-araw na karanasan ng mga mag-aaral at unti-unting lumalawak tungo sa kanilang lokalidad, lalawigan, rehiyon, bansa at panghuli ay ang daigdig. Binibigyang-diin nito ang mga simpleng konsepto na pamilyar ang mga mag-aaral at pagkatapos ay sumulong tungo sa komplikadong konseptong nauukol sa mas malawak na lipunan habang ang mga mag-aaral ay lumago mula sa unang baitang hanggang ikaanim na baitang. (Krahenbuhl, 2019; Ramli, 2009; Leming, Ellington, & Porter, 2003).

Makikita ang pamamaraang lumalawak na kapaligiran sa kaayusan ng kurikulum mula sa unang markahan sa unang baitang hanggang sa ika-apat na markahan sa ikaapat na baitang. Kaakibat ng lumalawak na kapaligiran ang paghubog sa mga kasanayan sa sining, edukasyong pisikal at kalusugan.

Samantala, ang kasanayan sa iba't ibang disiplina ng Makabansa tulad ng pagkamalikhain, mapanuring pag-iisip at matalinong pagpapasya, pagsasaliksik/ pagsisiyasat, kasanayang pangkasaysayan, pakikipagtalastasan at pagpapalawak ng pandaigdigang pananaw ay kasabay na nalilinang ayon sa kinakailangang pag-unawa at pagkatuto ng mag-aaral. Ang mga kasanayang ito ay nakabatay sa mga malalim na kaisipan na mula sa mga disiplina ng Makabansa na isinaayos sa pamamaraang lumalawak (expanding) ay umaakma rin sa mga kasanayang kinakailangan para sa ika-21 siglo.

#### D. Paglilinang ng Ika-21 Siglong Mga Kasanayan

Ang Kagawaran ng Edukasyon ay bumuo ng isang detalyadong 21st Century Skills framework upang gabayan at tiyakin ang pagsasama ng mga kasanayang ito sa lahat ng antas ng pamamahala ng DepEd. Tinukoy ng detalyadong balangkas ang terminolohiya at mga paglalarawan ng mga kasanayang ito na gagamitin, kaya naipapamalas ang ibinahaging bokabularyo upang suportahan ang malinaw at pare-parehong komunikasyon at pagpapatupad. Pinakamahalaga, ang balangkas ay dapat na gumabay sa lahat ng antas ng pamamahala ng DepEd habang sila ay nagtutulungan upang mapahusay ang pagpapaunlad ng mga Kasanayang ito sa ika-21 Siglo ng lahat ng mga mag-aaral na Pilipino.

Nakapaloob sa mga literasing ito ang mga kasanayan sa ika-21 siglo sa Impormasyon, Midya, at Teknolohiya, Pagkatuto at Inobasyon, Epektibong Komunikasyon, at Buhay at Propesyon. Batay sa mga kasanayan upang ang mag-aaral ay maging kompetitib sa pandaigdigang mga larangan, ang mga sumusunod na kasanayan sa ika-21 siglo ay tinatalakay:

Sa kasanayang Impormasyon, Midya, at Teknolohiya (Information, Media, and Technology Skills), ang mga mag-aaral ay pinauunlad ang kakayahang magtipon, pamahalaan, gamitin, buuin, suriin, at lumikha ng impormasyon sa pamamagitan ng media at teknolohiya. Kaakibat nito ang kasanayan tulad ng epektibo at mahusay na paggamit ng teknolohiya, computer at mga sangguniang media, at mga kakayahahan tulad ng pagpili, pagbibigay at paggamit ng mga kaalaman sa pamamaraang kritikal, malikhain at etikal.

Kaugnay dito, ang kakayahang pang-impormasyon, midya, at kaalamang digital na kung saan nasusuri ng mga mag-aaral ang opinyon at katotohanan mula sa mga sangguniang natipon o natutukoy ang mga maling palagay, haka-haka o opinyon mula sa mga batayan ng impormasyon sa mga babasahin tulad ng mga aklat, pahayagan, magazine o maging sa internet at social media, at nakagagamit ng mga interaktibong mapa tulad ng Google Earth, MapMe, Zeeaps at iba pa. Kasama ang iba't ibang teknolohiyang digital at network device tulad ng internet platform, social media, mobile device at software applications.

Sa kasanayang Inobasyon at Pagkatuto (Learning and Innovation Skills), ang mapanuring pag-iisip (critical thinking), pagtugon sa suliranin (problem solving), bukasna pag-iisip (openness), mapagmuni (reflective) at pagging malikhain (creativity) ay malimit na pinauunlad sa asignaturang ito. Nakapaloob dito ang mga pamamaraan kaugnay ng mapanuring pag-iisip at metacognition. Makikita ito sa mga tema at paksang sibika, sining, kultura, kasaysayan, paggalaw, at pangkalusugan tulad ng pagsusuri ng primarya at sekundaryang sanggunian. Hindi maisasagawa ang pamantayang nabanggit

kung hindi gagamitin ang mapanuri at bukas na pag-iisip sa pamamagitan ng pagtingin ng mga ugnayan ng mga karanasan, makapaghinuha, makapagsuri at magpaliwanag ng datos, makabuo ng kaisipan, teorya o inobasyon.

Mula sa mga nabanggit na kakayahang kritikal ang gampanin ng Epektibong Komunikasyon (Effective Communication) sa pagsasakatuparan ng pangkabuuang layunin ng Makabansa sapagkat nakasalig dito ang ugnayan at pagkakaunawaan sa pagbuo at pagpapanatili ng isang lipunang may pagpapahalaga sa bawat kasapi nito. Ang pakikipagtulungan o teamwork kung saan ang mga mag-aaral ay nalilinang upang tumugon sa layunin batay sa mga panuto at desisyon ng pangkat. Kolaborasyon naman ay epektibong pakikiisa sa desisyon at gawain upang makamit ang layunin, tulad ng pagbabahagi ng impormasyon, pagsasagawa ng gawain, pakikipagkasundo sa pangkat ukol sa mga ideya, panukala at pagbibigay solusyon sa mga suliranin.

Gayundin, ang kakayahang intrapersonal (intrapersonal skills) ay nahuhubog sa pamamagitan ng mga gawaing kaugnay sa pangangasiwa ng damdamin, sariling layunin at tamang asal at pakikitungo. Samakatuwid, sa pamamagitan ng kakayahang pangkomunikasyon tulad ng ay interpersonal (interpersonal communication) at interaktibong komunikasyon (interactive communication) na makikita sa tuwing ang mga mag-aaral ay nagpapahayag ng sariling saloobin at kuro-kuro sa iba't ibang isyung panlipunan ay maituturing na haligi ng araling ito. Sa usapin ng Kakayahang Buhay at Propesyon (Life and Career Skills), nakatutulong ang asignaturang ito sa paghahanda sa mga mag-aaral sa pagbubuo at pagsasakatuparan ng mga mahusay na desisyon sa buhay upang maging produktibong mamamayang nakibabahagi sa nagbabagong lipunan.

#### E. **Mga Isyung Panlipunan at Mga Isinusulong ng Pamahalaan**

Ang kakayahang umangkop ay pangunahing bahagi ng K-12 kurikulum, dahil tinitiyak at pinapadali nito ang kontekstwalisasyon ng pagkatuto (nilalaman, mga pamamaraan ng pagtuturo, pagtatasa, at mga kagamitang pampagkatuto) alinsunod sa mga nagaganap sa kapaligiran ng mga mag-aaral. Ang pakikipag-ugnayan ng sektor ng edukasyon sa iba't ibang mga stakeholder ay isang makabuluhan at epektibong paraan upang makita ang kaugnayan at maisakonteksto ang mga karanasan sa pagkatuto ng mga mag-aaral at sa kanilang komunidad. Sa pagtukoy ng mga entry point sa mga akmang kasanayang pampagkatuto ng kurikulum, naisasakatuparan ang kontekstwalisasyon ng asignatura sa pagsasama ng mga isyung panlipunan at tunguhin (thrust) ng pamahalaan.

Sa kurikulum ng Makabansa, tinitignan ang mga mag-aaral bilang natatangi, may indibidwal na pagkakaiba at mga uri ng katalinuhan at ang mga ito ay isinasaalang-alang, samakatuwid, mahalaga na ang mga mag-aaral ay maging matagumpay sa kabuuan ng kanilang pag-aaral at na sila ay mananatiling malusog sa pisikal, sosyolohikal, at sikolohikal.

Sa pamamagitan ng kurikulum, ang mga mag-aaral ay inaabahang magkaroon ng mga pagkakataon sa akademiko, bokasyonal at personal na pag-unlad, umunlad sa sikolohikal, moral, sosyal at kultural, napagtanto ang kasaysayan at mga pagpapahalagang pangkultura, alam ang kanilang mga karapatan at responsibilidad ng kanilang lipunan, maging sensitibo sa mga demokratikong pagpapahalaga at karapatang pantao, makihalubilo, makisali sa isports at, higit sa lahat, magkaroon ng kamalayan hinggil sa mga isyu ng lipunang kanilang ginagalawan. Bukod dito, ang kurikulum din naglalayong magbigay daan para sa napapanatiling paglago ng ekonomiya, matugunan ang pangangailangan para sa mga kwalipikadong lakas-tao sa pamamagitan ng edukasyon at hikayatin ang entrepreneurship, alinsunod sa mga pandaigdigang pag-unlad.

<b>Pamantayan sa Unang Yugto ng Pagkatuto:</b>	Inaasahan na sa unang yugto ng pag-unlad ay makahubog ng mag-aaral na may pag-unawa sa sarili at kultural na kamalayan (consciousness) at kasanayan (skill) upang maging malusog, malikhain, at may kakayahang (ability) makipag-ugnayan sa kapuwa at pamayanan
<b>Pamantayan sa Unang Baitang:</b>	Naipamamalas ang pag-unawa sa mga batayang konseptong pansarili at kultural na kamalayan at kasanayan sa pagkakaroon ng malusog na pangangatawan upang magampanan ang mga responsibilidad bilang kasapi ng kinabibilangang pamayanan
<b>Deskripsiyon:</b>	Ang Makabansa ay isang transdisiplinaryong kurikulum na naglalayong makahubog ng isang aktibong mag-aaral sa pamamagitan ng paglinang ng mahahalagang kasanayang hango sa Malalim na Kaisipan (Big Ideas) ng Sibika, Sining at Kultura, Kasaysayan, at Kagalingang Pangkalusugan na nagpapamalas ng pagkakilanlan, pagkamalikhain, pagkamalusog at pakikipag-ugnayan sa kapuwa at sa iba pang aspekto ng lipunan tungo sa pagiging holistikong Pilipinong taglay ang ika-21 siglong kasanayan.

#### **UNANG MARKAHAN – ANG BAWAT TAO AY NATATANGI**

<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b>	Nauunawaan na ang bawat tao ay may indibidwalidad (individuality)
<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b>	Naipapamalas na ang bawat tao ay may indibidwalidad

<b>KASANAYANG PAMPAGKATUTO</b>	
1.	Nailalarawan na ang bawat tao ay may iba't ibang:
a.	Katangiang Pisikal
b.	Pangangailangan
c.	Interes at Kakayahang
2.	Naipaliliwanag ang karapatan at tungkulin ng bawat bata
3.	Napahahalagahan ang indibidwalidad ng bawat tao

## **IKALAWANG MARKAHAN – TAYO BILANG KASAPI NG PAMILYA**

<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b>	Nauunawaan ang mga bahaging ginagampanan at tungkulin bilang kasapi ng pamilya
<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b>	Nakagagawa ng likhang-sining na nagpapakita ng papel at tungkulin ng mga kasapi ng pamilya

### **KASANAYANG PAMPAGKATUTO**

1. Naipaliliwanag ang konsepto ng pamilya batay sa bumubuo nito tulad ng two-parent, solo parent, extended family, at iba pa
2. Naipaliliwanag ang papel at tungkulin ng mga kasapi ng pamilya
3. Napahahalagahan ang papel at tungkulin ng mga kasapi ng pamilya

## **IKATLONG MARKAHAN – TAYO BILANG KASAPI NG PAARALAN**

<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b>	Nauunawaan ang pagkakilanlan ng sariling paaralan at ng mga taong bumubuo rito
<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b>	Nakagagawa ng likhang-sining (mapa) tungkol sa sariling paaralan

### **KASANAYANG PAMPAGKATUTO**

1. Nailalahad ang mga batayang impormasyon tulad ng pangalan, pinagmulan, laki at lawak, kinaroroongan, at kuwento ng sariling paaralan
2. Naipaliliwanag ang tungkulin ng mga taong bumubuo sa paaralan tulad ng punongguro, guro, doctor, nars, dyanitor, mag-aaral at iba pa
3. Natutukoy ang kahalagahan ng mga palatandaan at estruktura mula sa tahanan patungo sa paaralan
4. Napahahalagahan ang sariling paaralan bilang bahagi ng pamayanhan

## **IKAAPAT NA MARKAHAN – TAYO PARA SA ATING PAMAYANAN**

<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b>	Nauunawaan ang papel ng mga kasapi ng kinabibilangang pamayanan
<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b>	Nakalalahok sa mga gawaing nagpapahalaga sa kinabibilangang pamayanan

### **KASANAYANG PAMPAGKATUTO**

1. Natutukoy ang iba pang kasapi ng pamayanan na umaagapay sa pamilya at paaralan
2. Naipaliliwanag ang papel ng mga kasapi ng kinabibilangang pamayanan
3. Napahahalagahan ang papel ng mga kasapi ng kinabibilangang pamayanan

<b>Pamantayan sa Unang Yugto ng Pagkatuto:</b>	Inaasahan na sa unang yugto ng pag-unlad ay makahubog ng mag-aaral na may pag-unawa sa sarili at kultural na kamalayan (consciousness) at kasanayan (skill) upang maging malusog, malikhain, at may kakayahang (ability) makipag-ugnayan sa kapuwa at pamayanan
<b>Pamantayan sa Ikalawang Baitang:</b>	Naipamamalas ang pag-unawa sa mga kaugnay na konseptong pansarili at kultural na kamalayan at kasanayan sa pagkakaroon ng malusog na pangangatawan upang mapahalagahan ang mga responsibilidad bilang aktibong kasapi ng kinabibilangang komunidad
<b>Deskripsiyon:</b>	Ang Makabansa ay isang transdisiplinaryong kurikulum na naglalayong makahubog ng isang aktibong mag-aaral sa pamamagitan ng paglinang ng mahahalagang kasanayang hango sa Malalim na Kaisipan (Big Ideas) ng Sibika, Sining at Kultura, Kasaysayan, at Kagalingang Pangkalusugan na nagpapamalas ng pagkakilanlan, pagkamalikhain, pagkamalusog at pakikipag-ugnayan sa kapuwa at sa iba pang aspekto ng lipunan tungo sa pagiging holistikong Pilipinong taglay ang ika-21 siglong kasanayan

## **UNANG MARKAHAN – ANG ATING KOMUNIDAD**

<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b>	Nauunawaan ang katangiang heograpikal ng kinabibilangang komunidad
<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b>	Nakagagawa ng likhang-sining (mapa) na nagpapakita ng katangiang heograpikal ng kinabibilangang komunidad

### **KASANAYANG PAMPAGKATUTO**

1. Naipaliliwanag ang konsepto ng komunidad
2. Nailalarawan ang sariling komunidad batay sa:
  - a. Lokasyon
  - b. Lawak o sukat
  - c. Palatandaang heograpikal
3. Nakikilala ang mga bumubuo sa kinabibilangang komunidad
4. Nabibigyang halaga ang mga bumubuo sa kinabibilangang komunidad

## **IKALAWANG MARKAHAN – ANG KULTURA NG ATING KOMUNIDAD**

<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b>	Nauunawaan ang kultura ng kinabibilangang komunidad
<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b>	Nakagagawa ng mga likhang-sining na nagpapakita ng pagpapahalaga sa kultura ng kinabibilangang komunidad

### **KASANAYANG PAMPAGKATUTO**

1. Nabibigyang kahulugan ang kultura
2. Nailalarawan ang kulturang materyal at di-materyal ng kinabibilangang komunidad

- |   |
|---|
| 3. Naipaliliwanag ang kaugnayan ng kultura sa paghubog ng pagkakakilanlan             |
| 4. Napahahalagahan ang kultura (materyal at di-materyal) ng kinabibilangang komunidad |

#### **IKATLONG MARKAHAN – ANG PAMUMUHAY AT MGA SERBISYO SA ATING KOMUNIDAD**

<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b>	Nauunawaan ang pamumuhay at mga serbisyo sa kinabibilangang komunidad
<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b>	Nakagagawa ng likhang-sining na nagpapakita ng pamumuhay at mga serbisyo sa kinabibilangang komunidad

#### **KASANAYANG PAMPAGKATUTO**

- |  |
|--|
| 1. Natatalakay ang iba’t ibang uri ng kabuhayan tulad ng agrikultural, industriyal, pampinansyal, at panserbisyo |
| 2. Nailalarawan ang pamumuhay at mga serbisyo ng kinabibilangang komunidad                                       |
| 3. Napahahalagahan ang paraan ng pamumuhay at mga serbisyo sa kinabibilangang komunidad                          |

#### **IKAAPAT NA MARKAHAN – PAKIKIPAGKAPUWA AT PAKIKIBAHAGI SA ATING KOMUNIDAD**

<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b>	Nauunawaan ang konsepto ng pakikipagkapuwa at pakikibahagi sa kinabibilangang komunidad
<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b>	Nakalalahok sa mga gawaing nagpapakita ng pakikipagkapuwa at pakikibahagi sa kinabibilangang komunidad

#### **KASANAYANG PAMPAGKATUTO**

- |  |
|--|
| 1. Naipaliliwanag ang konsepto ng pakikipagkapuwa at pakikibahagi sa komunidad |
| 2. Nailalahad ang pamamaraan ng pakikipagkapuwa at pakikibahagi sa komunidad   |
| 3. Napahahalagahan ang pakikipagkapuwa at pakikibahagi sa komunidad            |

<b>Pamantayan sa Unang Yugto ng Pagkatuto:</b>	Inaasahan na sa unang yugto ng pag-unlad ay makahubog ng mag-aaral na may pag-unawa sa sarili at kultural na kamalayan (consciousness) at kasanayan (skill) upang maging malusog, malikhain, at may kakayahang (ability) makipag-ugnayan sa kapuwa at pamayanan
<b>Pamantayan sa Ikatlong Baitang:</b>	Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa pansarili at kultural na kamalayan at kasanayan sa pagkakaroon ng malusog na pangangatawan upang maisakatuparan ang mga responsibilidad ng isang aktibo at malikhaing kasapi ng mas malawak na komunidad
<b>Deskripsiyon:</b>	Ang Makabansa ay isang transdisiplinaryong kurikulum na naglalayong makahubog ng isang aktibong mag-aaral sa pamamagitan ng paglinang ng mahahalagang kasanayang hango sa Malalim na Kaisipan (Big Ideas) ng Sibika, Sining at Kultura, Kasaysayan, at Kagalingang Pangkalusugan na nagpapamalas ng pagkakakilanlan, pagkamalikhain, pagkamalusog at pakikipag-ugnayan sa kapuwa at sa iba pang aspekto ng lipunan tungo sa pagiging holistikong Pilipinong taglay ang ika-21 siglong kasanayan

### **UNANG MARKAHAN – ANG ATING KOMUNIDAD SA PAGLIPAS NG PANAHON**

<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b>	Nauunawaan ang kasaysayan ng kinabibilangang pook bilang bahagi ng mas malawak na komunidad
<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b>	Nakagagawa ng likhang-sining na nagpapakita ng kasaysayan at pagbabagong nagaganap sa kinabibilangang komunidad

### **KASANAYANG PAMPAGKATUTO**

1. Natatalakay ang mahahalagang tao, lugar, at pangyayari na bahagi ng kasaysayan ng pook (hal. barangay, bayan, lungsod, lalawigan, rehiyon) na kinabibilangan
2. Naipaliliwanag ang mga pagbabagong naganap sa kinabibilangang komunidad
3. Napahahalagahan ang kasaysayan at pagbabagong nagaganap sa kinabibilangang komunidad

### **IKALAWANG MARKAHAN – ANG SINING AT KULTURA NG ATING MAS MALAWAK NA KOMUNIDAD**

<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b>	Nauunawaan ang mayamang sining at kultura ng mas malawak na komunidad
<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b>	Nakagagawa ng likhang-sining na nagpapakita ng pagkakakilanlang kultural

### **KASANAYANG PAMPAGKATUTO**

- |  |
|--|
| 1. Naipaliliwanag ang ugnayan ng kapaligiran at kultura  |
| 2. Natatalakay ang kahulugan ng pagkakakilanlan at sagisag ng kinabibilangang komunidad tulad ng himno, coat of arms, bayaning lokal at iba pa |
| 3. Naiuugnay ang kultura sa sariling pagkakakilanlan   |
| 4. Napahahalagahan ang sining at kultura ng mas malawak na komunidad (bayan, lungsod, lalawigan, rehiyon)                                      |

### **IKATLONG MARKAHAN – TAYO AY PILIPINO**

<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b>	Nauunawaan ang konsepto at mga kaugnay na kaisipan ng pagka-Pilipino
<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b>	Nakagagawa ng likhang-sining na nagpapakita ng pagkakakilanlan bilang Pilipino

### **KASANAYANG PAMPAGKATUTO**

- |   |
|---|
| 1. Naipaliliwanag ang konsepto at mga kaugnay na kaisipan ng pagka-Pilipino |
| 2. Naiuugnay ang sariling katangian sa pagging isang Pilipino               |
| 3. Napahahalagahan ang pagkakakilanlan bilang isang Pilipino                |

### **IKAAPAT NA MARKAHAN – TAYO BILANG AKTIBONG PILIPINO**

<b>PAMANTAYANG PANGNILALAMAN</b>	Nauunawaan ang papel ng isang aktibong Pilipino
<b>PAMANTAYAN SA PAGGANAP</b>	Nakalalahok sa isang malikhaing gawain na nagpapakita ng pagging aktibong Pilipino

### **KASANAYANG PAMPAGKATUTO**

- |   |
|---|
| 1. Natutukoy ang papel ng pagging aktibong Pilipino       |
| 2. Napahahalagahan ang papel ng pagging aktibong Pilipino |

3. Naipamamalas ang pagiging isang aktibo at responsableng batang Pilipino (Pagsasakatuparan ng Panatang Makabayan)

SCOPE AND SEQUENCE

UNANG BAITANG			
<i>Unang Markahan – Ang Bawat Tayo ay Natatangi</i>			
KASANAYANG PAMPAGKATUTO	LINGGO	MGA BATAYANG KASANAYAN	MGA MUNGKAHING GAWAIN
<i>1. Nailalarawan na ang bawat tao ay may iba't-ibang: a. Katangiang Pisikal; b. Pangangailangan; at, c. Interes at Kakayahan.</i>	Linggo 1 – 4	MA 1; MA 2; MA 3; MA 4	<b><u>My Little Parrot:</u></b> An exciting game that guesses and imitates different properties of sounds like timbre (human sounds, animal sounds, natural sounds, mechanical sounds) and dynamics (soft and loud)
		MA 10; MA 11; MA 12; MA 13	<b><u>Body Tracing:</u></b> Learners create human body parts or bodies using different lines, shapes, colors, and values.
		PEH 2.1; PEH 1; PEH 3	<b><u>Strike a Pose:</u></b> An activity that requires learners to create non-locomotor body poses on different levels (low, middle, and high levels)
		PEH 4.1; PEH 4.2; PEH 4.5; PEH 4.6; PEH 4.7; PEH 4.8	<b><u>Pick and Tell:</u></b> A session of sharing thoughts and feelings regarding physical characteristics, needs, interests, and talents.
<i>2. Naipaliliwanag ang karapatan at tungkulin ng bawat bata.</i>	Linggo 5 – 7	MA 1; MA 2; MA 3; MA 4; MA 6	<b><u>I Can:</u></b> Learners can recite “Panatang Makabayan, sing “Lupang Hinirang”, at perform an action song about children’ basic rights.
		MA 10; MA 11; MA 12; MA 13; MA 14; MA 15; MA 16	<b><u>Gallery Walk:</u></b> An activity that exhibits learners colored drawing of basic rights.
		PEH 2.2; PEH 1; PEH 3	<b><u>Let's Exercise Our Rights:</u></b> A relay game using variety of locomotor and manipulative skills on different directions.
		PEH 4.1; PEH 4.2; PEH 4.5; PEH 4.6; PEH 4.7; PEH 4.8	<b><u>Health Shot:</u></b> A game where learners throw and shoot an improvised ball (rights) to the appropriate basket (responsibilities).
<i>3. Napahahalagahan ang indibiduwalidad ng bawat tao.</i>	Linggo 8 – 9	MA 1; MA 2; MA 3; MA 4; MA 5; MA 6; MA 9	<b><u>Move to Music:</u></b> Learners move on to action songs showing their unique individualities.

		MA 10; MA 11; MA 12; MA 13; MA 14; MA 15	<b>Cut and Create:</b> A collection of cut-outs showing different individualities and talents of learners.
		PEH 2.1; PEH 2.2; PEH 1; PEH 3	<b>Roll, Catch, Pass:</b> A relay game of different non-locomotor and locomotor skills using movement and fitness concepts on unique individualities and talents of learners.
		PEH 4.1; PEH 4.2; PEH 4.5; PEH 4.6; PEH 4.7; PEH 4.8	<b>Body Care:</b> A grouping game showing actions of healthy emotions and ways on taking care of the body.
<b><i>Ikalawang Markahan – Tayo Bilang Kasapi ng Pamilya</i></b>			
1. Naipaliliwanag ang konsepto ng pamilya batay sa bumubuo nito tulad ng two-parent, solo parent, extended family, at iba pa	Linggo 1 – 2	MA 1; MA 2; MA 3; MA 4; MA 6; MA 7	<b>To The Beat:</b> Learners produces simple rhythmic patterns on roles and responsibilities of family members.
		MA 10; MA 11; MA 12; MA 13; MA 15;	<b>Family Portrait:</b> A picture frame art about family members using different lines, shapes, colors, and values.
		PEH 2.1; PEH 2.2; PEH 1; PEH 3	<b>Family Moves:</b> Learners will demonstrate roles and responsibilities of family members using variety of manipulative skills on different movement and fitness concepts.
		PEH 4.1; PEH 4.2; PEH 4.5; PEH 4.6; PEH 4.7; PEH 4.8	<b>Safe and Sound:</b> A story-telling activity where learners share how they practice safety rules at home.
2. Naipaliliwanag ang papel at tungkulin ng mga kasapi ng pamilya	Linggo 3 – 5	MA 1; MA 2; MA 3; MA 4; MA 6; MA 7	<b>Ticktack:</b> A guessing activity where learners associate tempo on roles and responsibilities of family members
		MA 10; MA 11; MA 12; MA 13; MA 15;	<b>Family Sketch:</b> Learner creates artwork about roles and responsibilities of family members using principle of repetition.
		PEH 2.1; PEH 2.2; PEH 1; PEH 3	<b>Family Grooves:</b> Learners will demonstrate roles and responsibilities of family members using variety of locomotor skills on different movement and fitness concepts.
		PEH 4.1; PEH 4.2; PEH 4.5; PEH 4.6; PEH 4.7; PEH 4.8	<b>Safety First:</b> A demonstration of safety practices when performing chores and other activities at home.
